## Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-8 ng Abril 2020

Walang pagbabago sa estado ng mga kaso COVID-19 sa Falkland Islands ngayong araw.

Simula pa kahapon, meron nang limang (5) kumpirmadong kaso, at ang lahat ng mga indibidwal na ito ay kasalukuyang naglilingkod sa Mount Pleasant Complex.

Isa sa mga indibidwal ay patuloy na tumatanggap ng pangangalaga sa KEMH habang ang pangalawa ay nakalabas na ng ospital.

Ang iba pang tatlong mga indibidwal ay nasa isolation o nakahiwalay na sa loob ng Base bilang bahagi ng patuloy na pagsasaayos ng MPC para sa pagharap sa mga posibleng kaso.

Sa kabuuan, 137 na sample na ang nasuri sa UK. 131 ay lumabas na negatibo na pagsusuri. Ang nalalabing anim (6) na swabs ay galing sa limang (5) na indibidwal na ngayon ay lumabas na positibo sa COVID-19.

Patuloy na kumukuha ng test swabs ang KEMH at ang mga ito ay ipapadala sa UK sa susunod na Northbound Airbridge flight.

### Paglalakbay mula Stanley at MPC

Tulad ng una nang ibinalita, ang BFSAI may inilagay na mga mahigpit na hakbang para bawasan ang mga paggalaw mula MPC hanggang Stanley; ito ay para limitahan ang mga paglalakbay na para sa importanteng biyahe lamang.

Ang BFSAI at RFIP ay magkasamang nagtatrabaho sa pagsasagawa ng stop checks para alamin ang mga rason sa pagbabiyahe para malaman kung ang biyahe ay mahalaga o hindi. Ang pagbabawas ng paggalaw sa pagitan ng dalawang lokasyon ay isang importanteng hakbang.

Ang parehong mga komunidad ay may mahalagang parte na kailangan isagawa. Pakiusap na pagisipan ang mga dahilan bakit ka maglalakbay at kung ito ay kailangan.

Ang FIG at BFSAI ay magkasamang pinag-aaralan ang mga kasanayan sa tungkulin o business practices para alamin kung may mga pagbabago na kailangang isagawa sa ibang paraan upang mabawasan ang pangangailangan sa paglalakbay.

Tanungin ang iyong sarili bago ka magsagawa ng kahit anong paglalakbay, kung kailangang-kailangan mong bumiyahe, at pakisuap na makipagtulungan sa amin sa mga panahong ito.

**MGA BAGONG PAGHIHIGPIT SA MGA BIBISITA SA FALKLANG ISLANDS**

Inaprubahan ng Executive Council ang mga hakbang na higpitan ang mga hindi mahalagang bisita papunta sa Falkland Islands, upang matulungan ang pagkaantala ng paglaganap ng COVID-19 dito sa isla.

Hinahangad ng hakbang na ito na protektahan ang komunidad at bawasan ang pangangailangan o demand sa King Edward VII Memorial Hospital.

Ibig sabihin nito ay hindi na magbibigay ng visitor permits.

Hindi maapektuhan ang mga pabalik na residente – mga indibidwal na may hawak na Falkland Islands status, PRP, work permit holders, at resident permit holders. Hindi rin maaapektuhan ang mga BFSAI personnel at MoD contractors.

Sa mga nahihiwalay na pangyayari lamang na maaaring ang ibang tao na labas sa mga kategoryang nabanggit sa itaas ay maaaring mabigyan ng permiso na pumasok; ito ay case to case basis lamang sa mga espesipikong rason at kung ito ay aprubado lamang ng Principal Immigration Officer.

Ang bilang ng mga kumpirmadong kaso sa buong mundo ay mabilis na tumaas nitong mga nakaraang linggo. Kinikilala ng World Health Organization na ang mga hakbang na higpitan ang mga paggalaw ng mga tao ay maaaring mabisa pansamantala sa mga lugar na kung saan may konting internasyonal na koneksyon at limitadong medical capacity.

Pinapayo nilang maging maikli ang panahon nito at ito ay proporsyonal sa panganib sa public health.

Tinitiyak ng panuklanang ito na ang mga residente at mahahalagang manggagawa ay patuloy na makakapunta sa isla habang binabawasan ang hindi mahahalagang paglalakbay.

May mga ipinatupad ng hiwalay na hakbang para sa pamamahala ng paparating na manlalakbay, at masiguro na sila ay mag-isolate mula sa komunidad so naaangkop na panahon pagkarating.

Dahil sa kasalukuyang suspension ng mga serbisyo sa LATAM mula Chile at Brazil, ang mga implikasyon ng mga pagbabagong ito ay kasalukuyang nasa kamay na ng South Atlantic Airbridge na patuloy pa rin sa operasyon.

Ang mga manlalakbay na nasa labas ng kategoryang nakalista sa itaas ay hindi bibigyan ng permiso na maglakbay pwera na lamang kung ito ay nasusulat at nauna nang naaprubahan ng Principal Immigration Officer.

Sakop ng mga paghihigpit na ito ang mga manlalakbay na nangangailangan ng visitor permit, sa kahit anumang paraan sila maglakbay ditto sa Falklands, sa pamamagitan ng eroplano o sasakyang pandagat.

Sa buong mundo, ang mga internasyonal na paghihigpit sa mga bisita ay na-apply na, sa gayon, ang panukalang ito ay katimbang at kanuog sa mga tugon na ginawa ng ibang mga bansa.

**Pagaaralan ng Executive Council ang mga hakbang na ito ng hindi lalampas sa ika-31 ng Mayo 2020 para alamin kung nanatiling angkop.**

- Kung ikaw ay mga katanungan, maaaring mag email sa Customs and Immigration sa immigrationofficer@customs.gov.fk o tumawag sa numerong +500 27340.
- Pakitandaan na ang opisina ay sarado sa lahat ng publiko sa mga panahong ito at ang mga tanong ay haharapin sa pamamagitan ng telepono o email.